フィリピノ語版

# Balitang Iwas Krimen Tungo sa Kaunlaran ng Bayan

No. 165

Ika-30 ng Hunyo 2020
Iwas Krimen tungo sa Kaunlaran ng Bayan
Inhilathala ng Lupon ng Mamamayan ng Shizuoka
Kalihim, Dibisyon ng Ligtas na Pamumuhay at Trapiko
TEL:054-221-3715

## Mga modus operandi sa bukod tanging panloloko




Simula ika-1 ng Enero 2020, ang dating 8 uri ng bukod tanging panloloko ay dinagdagan ng 2 pang uri「panloloko na mag-deposito」at「pagnanakaw ng ATM kard」kaya naging 10 uri na ito. Para hindi tayo mabiktima ng panloloko, alamin kung ano-anong modus operandi ang ginagamit sa panloloko!!

| Modus Operandi | Nilalaman |
|---|---|
| Ako ito | Nagpapanggap na anak o apo at sinasabi na may problema sa pinagtratrabahuan o naka-dispalto ng pera na kailangang ibalik at iba pang pagsisinungaling para makapanloko at makakuha ang pera. |
| Panloloko na Mag-deposito | Nagpapakilala na pulis o taga-bangko at sinasabi na「ang iyong bank account ay nasangkot sa krimen「kinakailangang mong mag-aplay ng panibagong ATM kard」at magkukunwaring iproproseso ang pagpapalit ng ATM kard ngunit tatangayin lamang ang orihinal na ATM kard o ang bank book para manakaw ang pera. |
| Paniningil ng Utang | Idadahilan na may aktwal na hindi nabayarang utang ngunit nanloloko lamang at tatangayin ang pera. |
| Pagbabalik Diumano ng Sobrang Bayad sa Buwis | Magpapanggap na empleyado ng munisipyo at magkukunwaring mayroong kinakailangang pag-proproseso ng pagbabalik ng sobrang bayad sa buwis, uutusan ang biktima na gamitin ang ATM para i-deposito sa bank account ng kriminal ang pera. |
| Garantiya sa Utang | May pagkakautang man o wala, pinapadalhan ng fax o impormasyon tungkol sa [pautang na may mababang interes」at tatangayin ang pera para diumano garantiya. |
| Panloloko sa Pinansyal na Produkto | Magbibigay ng pekeng impormasyon tungkol sa peke o mababang halaga at hindi pa isinasapubliko na sapi. Kinukumbinse na「kikita ka rito」o「ikaw lang ang maaaring bumili nito】para bumili at kapag bumili sa pag-aakalang kikita rito, lolokohin lamang at tatangayin ang pera na pambili umano ng sapi. |
| Panloloko sa Sugal | Naglalathala sa magasin ng「ituturo ang numero na mabubunot sa lotto」at nagpapadala ng spam mail sa hindi pinipiling tao at ang mga nag-aaplay na mga biktima ay nililoko sa pamamagitan ng pagtangay ng pera para diumano bayad sa rehistrasyon o impormasyon. |
| Pagpapakila ng Katipan | Naglalathala sa magasin na「magpapakila ng babae」at nagpapadala ng spam mail sa hindi pinipiling tao. Ang mga tumugon sa patalastas na nagnanais na makakilala ng babae ay binibiktima sa pamamagitan ng pagtangay ng pera para diumano bayad sa rehistrasyon o garantiya. |
| Iba pang Panloloko | Iba pang modus operandi maliban sa binanggit sa itaas |
| Pagnanakaw ng ATM | Nagpapanggap na pulis o taga-bangko at sinasabi na「may ilegal na paggamit ng iyong ATM kard」. Pinapahanda ang ATM kard at binibisita ang biktima at kapag nakakita ng pagkakataon, ninanakaw ang ATM kard ng biktima. |

## Alam mo ba kung ano ang SORA (Sentro ng Tulong para sa mga Biktima ng Seksual na Karahasan)?

Tumatanggap ang SORA ng konsultasyon mula sa biktima o naging biktima ng sekswal na karahasan o krimen.
Ang lahat ng "sapilitang sekswal na akto" ay "sekswal na karahasan". Huwag magtiis na mag-isa. Kumonsulta na.

★Bukas ng 24 oras, 365 araw para makausap ang babaeng counselor
★Pangangalagaan ang inyong pribadong impormasyon at hindi kinakailangang ibigay ang pangalan
★Libre ang konsultasyon。(Maaaring may bayad ang tawag)

Simula **ika-30 ng Hunyo**, maaari ng kumonsulta sa pamamagitan ng「SORA chat」.
Homepage ng Departamento sa Kaligtasan sa Trapiko
O di kaya puntahan ito sa pamamagitan ng QR code.

SORA **054-255-8710**

QR code「SORA HP」⇨

## Ang buwan ng Hulyo ay「buwan ng pagpuksa sa muling pagkamit ng krimen」

Gamitin ang pagkakataong ito para pag-isipan natin ang kahalagahan na tulungan ang mga nakagawa ng krimen at mga may maliit na paglabag sa batas para hindi sila muling masangkot sa krimen at paglabag sa batas

### ○ Alamin natin ang hakbang para hindi na muling gumawa ng krimen o magkapagbagong-buhay

Upang makapamuhay muli sa lipunan ang mga nakagawa ng krimen o mga lumabag sa batas, mahalaga na hindi mapalayo ang kanilang damdamin sa karamihan at tulungan silang makapagbagong-buhay. Sa pamamagitan nito, maiiwasan na muli silang makagawa ng krimen at maiwasan na may magiging biktima ng krimen at magkakaroon tayo ng ligtas at mapayapang komunidad sa ating lugar.

Upang masuportahan ang kanilang pagbababagong-buhay, kinakailangan na ipatupad ng pambansang pamahalaan, lalawigan at lungsod/bayan ang iba't ibang hakbang para mapigilan ang muli nilang paggawa ng krimen.

Maging ang mga mamamayan ay maaaring magsagawa ng iba't ibang boluntaryong gawain para sa kanilang pagbabagong buhay.

Inihahatid din ang impormasyon sa SNS, i-follow natin ang mga sumusunod.

| | |
|---|---|
| Twitter ng Kagawaran ng Katarungan @MOJ_HOGO | Instagram ng Dibisyon ng Pangangalaga, Kagawaran ng Katarungan @moj_kouseihogo |

### ○ Alamin natin ang pagtulong sa pagbabagong-buhay at mga boluntaryong gawain sa pagbabagong-buhay

Ang mga nakagawa ng krimen o paglabag sa batas pagkatapos ng kanilang pagkabilanggo ay muling mamumuhay sa lipunan at magsisimula muli. Maraming mamamayan ang nagboboluntaryo para tumulong na makapagbagong-buhay sila bilang miyembro ng lokal na pamayanan.

Mga Boluntaryo na Tumutulong sa Pagbabagong-buhay

| Uri | Gawain |
|---|---|
| Tagapangasiwa ng Probation | Mga boluntaryo na tumutulong sa mga nakagawa ng krimen at mga kabataan na lumabag sa batas para makapagbagong-buhay. Isinasagawa rin nila ang pagsubaybay sa kapakanan, mga gawain para makaiwas makagawa muli ng krimen at iba pang gawaing sa pagbabagong buhay. |
| Samahan ng Kababaihan na Tumutulong sa Pagbabagong buhay | Grupo ng mga kababaihan na tumutulong sa pag-alaga sa pangkabuuang kapakanan ng mga kabataan at mga nakagawa ng krimen at tumutulong sa pagbabagong-buhay ng mga dating kriminal at kabataang lumabag sa batas. |
| Miyembro ng BBS | Pagpapaikli ng Big Brothers and Sisters. Grupo ng mga boluntaryo na nagsasagawa ng gawain para maiwasan na makagawa muli ng paglabag sa batas ang mga kabataan at tulungan silang tumayo sa sariling paa at makapagsarili. |
| Kooperasyon ng Mga Nagbibigay Trabaho | Mga negosyante na nais magbigay trabaho o nagbigay ng trabaho sa mga nakagawa ng krimen bilang pagtulong para sila ay makatayo muli sa sariling paa at makapamuhay muli sa lipunan. |

（Pinagmulan: 2019 White paper ng Promosyon sa Pag-iwas na Makagawa Muli ng Krimen）

### ○ Magsimula tayo sa maaari nating gawing

Malaking tulong kung ang bawat indibidwal ay tutulong sa abot ng kanyang makakaya.

☆Iwasan magkaroon ng di matwid na opinyon at masusing pangalagaan natin ang mga dating kriminal at mga lumabag sa batas na nais magbagong buhay sa ating lokal na lugar

☆Kausapin natin ang mga taong mukhang nag-iisa sa ating lugar

再犯防止

Huwag bumalik at ibalik
ang paggawa ng krimen
Lakas ng suporta ng komunidad
para sa pagbabago